



Mga Bakuna sa COVID-19 - Mga Kadalasang mga Katanungan

PAGPAPABAKUNA

Paano ako magpapabakuna?

Ang mga bakuna ay makukuha sa daan-daang lokasyon sa buong LA County tulad ng mga klinika, parmasya, paaralan, at iba pang mga lokasyon sa komunidad. Ang pagpapabakuna sa bahay ay magagawa para sa mga taong hindi makaalis ng bahay. Maraming lokasyon ang hindi nangangailangan ng tipanan.

Para makahanap ng lokasyon, bisitahin ang ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated. Kung kailangan ninyo ng tulong, pwede kayong tumawag sa **Sentro ng Tawagan ng Bakuna ng DPH** sa 1-833-540-0473, 7 araw sa isang linggo 8am hanggang 8:30pm. Pwede nilang ayusin ang pagbabakuna sa bahay, libreng transportasyon papunta sa lugar ng pagbabakuna, o tumulong sa transportasyon sa mga taong may kapansanan (paratransit) at iba pang mga serbisyo para sa mga taong may kapansanan. Pwede rin kayong humiling ng pagbabakuna sa bahay sa ph.lacounty.gov/vaxathome. Ang impormasyon ay makukuha rin sa maraming wika 24/7 sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1.

Kailangan ko bang magbayad para makakuha ng bakuna sa COVID-19?

Hindi. Kung mayroon kang seguro (insurance), ang iyong doktor o parmasya ay maaaring maningil ng bayad sa inyong kompanya ng seguro (insurance company) para sa pagbibigay ng bakuna. Ang mga taong walang seguro sa kalusugan ay makakakuha rin ng mga bakuna sa COVID-19 nang libre. Walang babayaran na magmumula sa inyo sa sinuman sa inyo.

Tatanungin ba ako sa aking katayuan sa imigrasyon kapag nagpabakuna ako sa COVID-19?

Hindi. Ang bakuna sa COVID-19 ay ibinibigay nang libre anuman ang katayuan sa imigrasyon. Ang inyong impormasyong medikal ay pribado at ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay hindi makakaapekto sa inyong katayuan sa imigrasyon. Hindi mo na kailangang ng pagkakakilanlan (ID) na ibinigay ng gobyerno o liham mula sa inyong amo (employer) para magpabakuna. Para sa mga katanungan tungkol sa imigrasyon, bisitahin ang Office of Immigrant Affairs webpage oia.lacounty.gov o tumawag sa 800-593-8222.

Kailangan ko pa bang magbigay ng numero ng telepono o email address?

Hindi. Kapag nagpabakuna ka, hihilingin sa iyo na magbigay ng email address o numero ng teleponong mobile. Ang impormasyong ito ay itatala sa State of California immunization registry (CAIR) para makakuha ka ng talaan (record) ng bakuna sa COVID-19. Maaari rin itong gamitin para magpadala ng mga paalala kapag mas marami nang dosis ng bakuna sa COVID-19 ang hindi pa nakukuha. Ang talaan ng bakunang (digital vaccine record) ay libre at kumbinyenteng paraan para mapatunayan ang katayuan mo sa pagpapabakuna. Ito ay lalong kapaki-pakinabang kapag nawala ang inyong puting tarheta ng pagpapabakuna (vaccine card). Hindi mo na kailangang magbigay ng email address o numero ng teleponong mobile para makakuha ng bakuna, pero ang hindi pagbibigay ng impormasyon ay maaaring maging mas mahirap para makakuha ng digital na talaan sa bakuna sa kalaunan. Pwede mo pangng malaman ang mas marami pa tungkol sa talaang digital ng bakuna sa myvaccinerecord.cdph.ca.gov at tungkol sa mga proteksyon ng pagiging kumpidensiyal [dito](#).





Mga Bakuna sa COVID-19 - Mga Kadalasang mga Katanungan

PAGPAPABAKUNA

Saan ako makakakuha ng kopya ng aking talaan ng bakuna?

Ang Tarheta na Talaan ng Bakuna sa COVID-19 ng CDC (puting tarheta) ay ang opisyal na patunay ng pagpapabakuna. Ang bawat isa ay dapat mabigyan nito kapag nabakunahan na sila. **Pakitago ito dahil ito ay hindi pwedeng palitan.** Kunan ng larawan o gumawa ng kopya nito.

Sinumang* nabakunahan na sa California ay maaaring humiling ng Talaan ng Bakunang Digital COVID-19 sa myvaccinerecord.cdph.ca.gov. Ito rin ay isang opisyal na talaan. Pwede itong ma-download sa Google Pay digital wallet sa Android phone o sa Apple Health app sa iPhone. Pwede ka rin kunan ng litrato ang screen (screenshot) ng inyong Talaan sa Bakunang Digital COVID-19 at i-save ito sa inyong camera roll. Pwede kayong makakuha ng talaan ng bawat tao sa inyong pamilya kahit na pareho ang inyong ginamit na email address o numero ng teleponong mobile nang kayo ay mabakunahan. Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang webpage na [Mga Talaan ng Pagpapabakuna](#).

*Kapag kayo ay nabakunahan ng isang ahensya na pederal (hal., Department of Defense, Indian Health Service o Veterans Affairs), dapat kayong direktang humiling ng talaan ng bakuna mula sa ahensiya.

Kailangan ko bang magbigay ng pahintulot para sa aking anak para mabakunahan?

Ang kabataan na wala pang 18 taong gulay ay kailangan ng pahintulot mula sa isang magulang/tagapagbantay o tagapag-alaga para makapagbabakuna. Kung wala kayo roon, maaari kayong magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng telepono, video o sa pamamagitan ng sulat. Tingnan ang mga kinakailangang pahintulot sa lugar kung saan ninyo planong magpunta. Kung ito ay isang lokasyon na pinatatakbo ng Pamublikong Kalusugan (Public Health), maaari ninyong makita ang form ng pahintulot mula sa ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated – iklik ang '[paghahanda para sa inyong pagpapatingin](#)' o tumawag sa Sentro ng Tawagan sa Pagpapabakuna sa 1-833-540-0473 (8am-8:30pm araw-araw).

May mga eksempyong nalalapat. Ang mga menor-de-edad na 15 taong gulang pataas na kaya nang mag-sarili (hal. Pinalaya [emancipated] o mendor-de-edad na sinusupportahan ang sarili, may asawa, o dating may asawa) ay maaaring magbigay ng kanilang sariling pahintulot. Kung isa kang tagapag-alaga sa bahay ampunan (foster caregiver), tagapag-alagang kamag-anak, o tauhan ng Short-Term Residential Therapeutic Program (STRTP) maaari kayong magbigay ng pahintulot basta't sumasang-ayon ang batang inyong inaalagaan. Kung isa kang tagapag-alaga sa bahay ampunan at hindi ka nagbigay ng pahintulot pero gusto ng inyong inaalagaang bata na magbabakuna, maaari nilang kontakin ang kanilang legal na tagapayo.

Anong mga dokumento ang kailangan kong dalhin para mabakunahan ang aking anak?

Maaaring hingin ang Larawang Pagkakakilanlan (Photo ID) sa ilang mga lokasyon ng pagbabakuna. Kung kayo ay isang tagapagbantay ng bata sa bahay ampunang alagaan (foster care) na walang Larawang Pagkakakilanlan, kontakin ang kanilang legal na tagapayo. Ang isa pang opsyon ay magpunta sa isang lokasyon na pinatatakbo ng Pamahalaan ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County, na hindi humihingi ng larawang Pagkakakilanlan.

Tingnan sa itaas para sa impormasyon tungkol sa pahintulot. Alamin ang mga kinakailangan ng lugar na plano ninyong puntahan. Para sa mga kailangan sa mga lugar ng bakunahan sa Pamahalaan ng





Mga Bakuna sa COVID-19 - Mga Kadalasang mga Katanungan

PAGPAPABAKUNA

Pampublikong Kalusugan ng LA County, bisitahin ang ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated- iklik ang [‘paghahanda ng inyong pagbisita’](#) o tawagan ang Sentro ng Tawagan sa Pagpapabakuna sa 1-833-540-0473 (8am-8:30pm araw-araw).

Pwede ba akong magpabakuna kung nagka-COVID-19 na ako?

Oo. Dapat kayong magpabakuna kung nagka-COVID-19 na kayo dahil ang bakuna ay makakatulong para mapigilan na magkaroon kayong muli ng COVID-19.

Ang pagkakaroon ng COVID-19 ay nagbibigay ng proteksyon mula sa pagkakasakit sa COVID-19 sa hinaharap, na minsan ay tinatawag na “[natural na imyunidad](#).” Subalit ang antas ng proteksyon na nakukuha ng ilan mula sa impeksyon ay iba't iba. Depende kung gaano kabanayad o kalala ang kanilang sakit, ang haba ng panahon na lumipas simula nang sila ay magka-COVID-19 at ang kanilang edad. Sa kasalukuyan ay walang pagsusuri na mapagkakatiwalaan na magsasabi na ang isang tao ay protektado mula sa pagkakaroon ng COVID-19. Ang mga taong nagkaroon na ng COVID-19 at hindi pa nabakunahan pagkatapos nilang gumaling ay [mas posibleng magkaroon muli ng COVID-19 kaysa](#) sa mga taong nabakunahan na pagkatapos nilang gumaling.

Kung kayo ay kasalukuyang mayroong COVID-19, maghintay hanggang gumaling kayo at tapos na ang panahon ng inyong pagbubukod para mabakunahan. Ito ay upang hindi ninyo mahawahan ang mga manggagawa na nag-aalaga ng kalusugan (healthcare worker) at iba pa kapag kayo ay pumunta para magpabakuna.

Maari ninyong ikonsidera na maghintay nang 3 buwan pagkatapos ninyong magkaroon ng COVID-19 para magsimula o magpatuloy sa mga serye ng pagbabakuna sa o kumuha ng pampalakas na bakuna (booster). Dahil posibleng hindi ka magkaroon muli ng COVID-19 sa loob ng unang 3 buwan pagkatapos ng impeksyon. Ang mas mahabang oras sa pagitan ng impeksyon at pagbabakuna ay maaaring magresulta sa mas magandang tugon ng panlaban sa sakit.

Kung kayo ay nagkasakit ng multisystem inflammatory syndrome of children o adults (MIS-C o MIS-A), kausapin ang inyong doktor bago magpabakuna sa COVID-19.

Maaari ba akong magpabakuna sa COVID-19 kasabay ng ibang bakuna?

Oo. Ang mga matatanda at bata na may edad 6 na buwan at pataas ay maaaring magpabakuna sa COVID-19 kasabay ng ibang bakuna, tulad ng polio, tigdas, kapit na ubo, at trangkaso. Kapag ang inyong anak ay nagpabakuna sa COVID-19 sa lugar na hindi nagbibigay ng ibang bakunang kailangan nila, maaari kayong magpunta sa lugar para magpabakuna kahit anong oras. Hindi na kailangang maghintay sa pagitan ng mga pagpapabakuna.

Maaari baa kong makakuha ng nakagawiang medikal na pamamaraan (routine na medical procedure) o pagsusuri sa pagsasala (screening test) kung bago pa lang ako nabakunahan sa COVID-19?

Karamihan ng mga nakagawiang medikal na pamamaraan o pagsasala ay may maaaring isagawa bago o pagkatapos magpabakuna sa COVID-19.



Mga Bakuna sa COVID-19 - Mga Kadalasang mga Katanungan

PAGPAPABAKUNA

Tandaan: kung kayo ay kailangan nang sumailalim sa nakagawiang pagsasala ng pagtingin ng suso (routine screening mammogram) at kamakailan ay nagpabakuna para sa COVID-19, tanungin ang inyong doktor kung gaano katagal kayo dapat maghintay para sumailalim sa pagpapatining ng suso (mammogram). Ang mga taong tumanggap ng bakuna sa COVID-19 ay maaaring magkaroon ng pamamaga sa kulani (na tinatawag na lymphadenopathy) sa ilalim ng kilikili malapit sa lugar ng tinuruan. Ang pamamaga na ito ay normal na palatandaan na ang katawan ay bumubuo ng proteksyon laban sa COVID-19. Ang pansamantalang pamamaga na ito ay maaaring magdulot ng maling pagbasa sa mammogram, kaya mahalagang sabihin sa kawani ang tungkol sa inyong pagbabakuna. Para sa mas marami pang mga detalye, tingnan ang [Mga Rekomendasyon para sa Mga Babaeng Tumatanggap ng Bakuna sa COVID-19 ng Society of Breast Imaging](#).

Ang bakuna sa COVID-19 ay maaaring makaapekto rin sa mga resulta ng ilang uri ng pagsusuri sa pagsasala para sa tuberculosis (TB), tingnan ang CDC webpage ng [Bakuna sa COVID-19 at Iba Pang Mga Pamamaraang Medikal](#).

Paano ako maghahanda para sa aking pagbisita para makakuha ng bakuna?

- Tandaan na magdala ng kinakailangang dokumentasyon at ng iyong email address o numero ng teleponong mobile kung mayroon kayo nito. Kung gumawa ka ng tipanan (appointment), basahin ang impormasyon sa email ng kumpirmasyon. Kung mayroon kayong mga katanungan, makakatulong kung isusulat ninyo ito.
- Kung wala kayong regular na iniinom na gamot na walang reseta (tulad ng ibuprofen, aspirin, acetaminophen, o antihistamine), huwag inumin ang mga ito bago kayo magpabakuna para pigilan ang mga epekto. Pero kung madalas kayong umiinom para sa ibang dahilan, dapat kayong uminom nito bago kayo magpabakuna.
- **Magbaon ng maskara sa mukha, miryenda, at tubig.** Sa mga araw na mainit, kung magpapatingin kayo sa panlabas na lugar na lokasyon, magsuot ng sumbrero at mga damit na maaliwalas.
- Para sa mga mungkahi tungkol sa kung paano kakausapin ang inyong anak sa bakuna sa COVID-19 at maihanda sila para magpabakuna, tingnan ang [Pagpapabakuna ng Mga Bata](#) sa FAQs na bakuna sa COVID-19 ng [LAC DPH](#).

Ano ang dapat kong gawin pagkatapos magpabakuna?

- Siguruhin na baguhin ng nagbakuna sa inyo ang inyong tarheta ng bakuna (o bigyan kayo nito kung ito ang inyong unang dosis).
- Mag-iskedyul ng inyong susunod na dosis ng bakuna kung kailangan ninyo ng isa bago kayo umalis sa lugar ng bakunahan.
- Tandaan na maaari kayong makaranas ng [mga epekto](#) pagkatapos magpabakuna. Ang masasamang epekto at malalang alerdyik na reaksyon ay bibihira. Para mag-ulat ng anumang mga epekto, maaari kayong magpalista sa [v-safe](#).





Mga Bakuna sa COVID-19 - Mga Kadalasang mga Katanungan

PAGPAPABAKUNA

Saan ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon?



- Para ilimbag (print) o tingnan ang Kadalasang Katanungan (FAQ) ito o Mga Kadalasang Mga Katanungan (FAQs) sa ibang mga paksa tungkol sa bakuna sa COVID-19, iiskan ang QR na kodigo e o bisitahin ang [mga FAQ sa bakuna sa COVID-19](#).
- [VaccinateLACounty.com](#) – kabilang ang [Mga Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19](#) na may mga larawan para ipakita kapag ang bawat dosis ay kailangan nang ibigay at ang impormasyon sa [Kung Paano Magpapabakuna](#).
- Webpage ng CDC [sa Pagkuha ng Bakuna sa COVID-19](#).
- Tanungin ang inyong doktor kung mayroon kayong mga katanungan.

